BC CANCER LUNG SCREENING
Provincial Health Services Authority

Paalala sa Lung Screening

Notice Date

Jane Sample
123 Example Street
City, Province, Postal Code

Panahon na para sa iyong susunod na Lung Screening CT scan. Gumagana ang lung screening sa pamamagitan ng maagang pagtuklas ng kanser, kahit na wala kang nararamdamang anumang sintomas. Kapag ang kanser ay natuklasan nang maaga, mas marami ang mga opsyon sa paggamot at mas mataas ang posibilidad ng matagumpay na kinalabasan. Ipinakita na ang maagang pagtuklas ay nagpapataas ng tsansa ng kaligtasan ng mga taong na-diagnose na may kanser sa baga ng 20%.

Mangyaring makipag-ugnayan sa BC Cancer Lung Screening Program sa 1-877-717-5864 upang maisaayos ang referral para sa iyong CT scan. Sa tawag na ito, ia-update namin ang iyong rekord sa kalusugan kabilang ang impormasyon tungkol sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at mga detalye sa pakikipag-ugnayan. Pagkatapos ng tawag, ipapadala namin ang iyong referral sa ospital, at makikipag-ugnayan sila sa iyo upang i-book ang iyong appointment. Mangyaring huwag direktang makipag-ugnayan sa ospital dahil hindi nila mai-book ang iyong appointment nang walang referral.

AYUSIN ANG ISANG REFERAL PARA SA CT SCAN
Mangyaring tumawag sa BC Cancer Lung Screening sa **1-877-717-5864** (Lunes hanggang Biyernes, 8:30 am – 4:30 pm) upang ayusin ang isang referral para sa CT scan.

Mahalagang bumalik ka sa screening sa lalong madaling panahon. Pinakamabisa ang lung screening kapag maihahambing ng mga radiologist ang iyong mga scan sa paglipas ng panahon upang makita ang anumang maliliit na pagbabago na maaaring naganap mula noong iyong huling scan.

Kung ayaw mo nang ipagpatuloy ang screening, mangyaring makipag-ugnayan sa amin upang ihinto ang pagpapadala sa iyo ng mga paalala sa hinaharap. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa lung screening, mangyaring bumisita sa screeningbc.ca/lung.

Umaasa ako na pangangalagaan mo ang iyong kalusugan at isasaalang-alang ang pagpapasuri ngayon.

Lubos na gumagalang,

Dr. Stephen Lam
Medical Director, Lung Screening Program

Kung nagbago ang iyong tirahan, mangyaring bumisita sa addresschange.gov.bc.ca/.

Ang mga abiso para sa Lung Screening ay makukuha online sa Health Gateway. Mangyaring bumisita sa healthgateway.gov.bc.ca/.

Kung natanggap mo ang ulat na ito nang hindi sinasadya, mangyaring ipaalam sa amin sa 1-877-717-5864.

Kokolektahin at gagamitin ng BC Cancer ang iyong personal na impormasyon para sa layunin ng pagbibigay ng mga serbisyo sa screening, kabilang ang komunikasyon at follow-up, at para sa mga layunin ng pagsusuri ng programa. Ang

SAMPLE

impormasyong ito ay kinokolekta alinsunod sa FIPPA s. 26(c) at (e). Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa pagkolekta at paggamit ng iyong personal na impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa screening@bccancer.bc.ca. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa privacy, mangyaring bumisita sa screeningbc.ca.

SAMPLE